Maging #HANDA, alamin ang ilan sa mga gamit na mahalagang mayroon ang bawat pamilya bago mangyari ang anumang kalamidad.

# MGA GAMIT NA MAARING IHANDA BAGO ANG KALAMIDAD

- Isang galong tubig kada tao kada isang araw
- Pagkain na kakasya ng tatlong araw
- Radyo
- Manual can opener para sa mga pagkain
- Mahahalagang papeles tulad ng Birth Certificate o Titulo ng Lupa
- Flashlight at extrang baterya
- Hygiene Kit
- First aid kit
- Pito
- Cell phone at chargers
- Dust mask

Gumawa at magkaroon din ng **DISASTER EMERGENCY PLAN** kasama ang pamilya. Tiyaking alam ng bawat isa ang nilalaman ng plano gaya ng mga importanteng kontak numbers at escape route sa oras ng kalamidad.

MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO!

# THE BIG ONE

**Ano ang mga posibleng mangyari sa pag dating ng THE BIG ONE o ng 7.2 Magnitude Earthquake na ayon sa mga pag-aaral ay posibleng mangyari sa Metro Manila at mga karatig na lalawigan dahil sa paggalaw ng West Valley Fault?**

- 35,000 na katao ang posibleng mamatay
- 115,000 na katao ang posibleng masugatan
- 170,000 na kabahayan ang maaaring masira at magcolapse
- 3 Million katao ang posibleng mawalan ng tirahan
- Maraming kalsada, tulay, at ibang establisyemento ang masisira at di magagamit
- Ang linya ng komunikasyon, tubig at kuryente ay mapuputol
- Iba-ibang unos pa ang posibleng mangyari tulad ng mga sunog at mga aftershocks
- Pingangambahan din ang pagdating ng Tsunami sakaling dumating ang lindol

Refence: Oplan Metro Yakal Plus

Maging **#HANDA**, basahin ang kabuoan ng Flyer na ito sa website ng DSWD Field Office NCR

DSWD Department of Social Welfare and Development FIELD OFFICE NCR

DRMD Disaster Response Management Division FIELD OFFICE NCR

# #HANDA KA NA BA?

**#HANDA ka na ba at ang iyong pamilya pagdating ng iba't ibang uri ng kalamidad?**

- BAHA
- SUNOG
- LINDOL

# BAHA

## MGA DAPAT GAWIN BAGO ANG PANGYAYARI

- Panatilihing malinis ang kapaligiran.
- Tiyaking maayos at matatag ang kawad ng kuryente.
- Siguruhing matibay ang kabahayan laban sa malakas na hangin.
- Mag-imbak ng sapat na pagkain at malinis na inuming tubig.
- Maghanda ng Emergency Kit.
- Ilagay sa ligtas na lugar ang mahahalagang kagamitan.
- Agarang magtungo sa evacuation area na itinalaga sa inyong lugar kung kinakailangan.

## MGA DAPAT GAWIN SA KASALUKUYANG PANGYAYARI

- Iwasang lumabas sa kasagsagan ng bagyo.
- Manatili sa loob ng kabahayan kung ito ay matibay o kaya magtungo sa ligtas na lugar.
- Patuloy na subaybayan ang mga babala sa radio o telebisyon.
- Mag-ingat sa mga bukas na imburnal o daluyan ng tubig.

# LINDOL

## MGA DAPAT GAWIN BAGO ANG PANGYAYARI

- Suriin ang loob at labas na kalagayan ng istruktura ng inyong kabahayan.
- Ilagay at itago sa tamang lugar ang mga gamit at mga bagay na maaaring mabasag at sumabog.
- Ang mabibigat na bagay ay palagiang ilagay sa mababang lugar.
- Kung nasa hindi pamilyar na gusali, alamin ang "emergency exit" ng lugar.

## MGA DAPAT GAWIN SA KASALUKUYANG PANGYAYARI

- Maging mahinahon, matatag at manatili sa tamang kaisipan.
- Gawin ang **DUCK, COVER** and **HOLD** at **MAGTAGO** sa ilalim ng mesa, kama o sofa na may matibay na istruktura.
- Pagkatapos ng unang pagyanig, ibaba ang main switch ng kuryente.
- Isara ng mahigpit ang tangke ng gas.
- Mag-ingat sa mga bumabagsak na poste at kawad ng kuryente.
- Kung nasa loob ng tumatakbong sasakyan, ihinto ito malayo sa mga matataas na gusali.

# SUNOG

## MGA DAPAT GAWIN BAGO ANG PANGYAYARI

- Siguraduhing nasa iisang lalagyan ang mahahalagang dokumento na madaling kuhain sakaling magkasunog.
- Huwag iwanan ang mga nakasinding kandila at iwasang mag-iwan ng nakasaksak na appliances tuwing lalabas ng bahay.
- Ilagay ang mga kemikal o iba pang bagay na posibleng maging sanhi ng sunog sa lugar na hindi maabot ng mga bata.
- Matulog ng nakasara ang pinto ng kwarto. Pinababagal nito ang pagkalat ng usok at apoy.
- Bumili at gumamit ng abunera (ash tray) tuwing maninigarilyo.

## MGA DAPAT GAWIN SA KASALUKUYANG PANGYAYARI

- Dahil mapanganib ang usok na nililikha ng sunog lalo't pinagmumulan ito ng iba't ibang chemical components, gumamit ng basang panyo na pantakip upang hindi ito malanghap.
- Sakaling makulong sa nasusunog na gusali, importanteng manatili sa mababang lebel dahil karaniwang nasa mataas na lebel ang usok.
- Tiyaking ligtas ang sarili at mga kasama, kung may kakayahang tumulong, maaaring gumamit ng fire extinguisher sa pag apula ng apoy. Pero, kung duda sa kakayahang apulahin ang sunog, makabubuting iwan na lamang ang nagliliyab na gusali o tahanan.

## MGA DAPAT GAWIN PAGKATAPOS NG PANGYAYARI

- Alamin ang mga naging kapinsalaan sa inyong lugar;
- Ipagbigay alam sa mga awtoridad ang mga napinsala upang mabigyan ng kaukulang tulong at lunas;
- at Magkaisa at magtulungan upang maisaayos ang mga bagay na napinsala.